# Tutubi



## Mga Sulat ni Nonong

2012-01-30/2012-07-29

Narito ang buhay ko nang lumalaki ako sa Pilipinas, Hapon, at Hilagang Amerika. Nagmumunimuni lamang...

Pinanganak ako sa daigdig na ito sa Republika ng Pilipinas. Ang kaarawan ko

ay ika-12 ng Enero ng taong 1966. 10:45 ng umaga. Katoliko ang pamilya ko.

Ang unang tirahan namin ay sa family compound ng mga Medrano sa Ferry, Batangas. Nasa kagubatan at kadagatan iyon at may mga kuweba sa bundok na may kalansay ng sundalong naka uniporme pa. Sa halamanan, may mga ratiles na pinipitas namin at kinakain namin. May gazebo kami sa compound. Isang araw, may ahas sa gitna roon. Ilang bahay ang nasa compound. Nandoon ang mga lolo at lola ko, mga tiya at tiyo ko, at mga pinsan ko. May malaking canopy swing kami sa harap na dalawa ang bangko. May mga parang susô na humihigop ng sukà sa mangkok pagka naglagay doon.

Noong maliit pa ako, nag-iimbento na ako ng mga salitang guni-guni katulad ng

brábintay para sa tutubi, múninghay para sa full moon, at numnumbúbit para sa inumin ng kung baga'y bitamina. Noon pa'y nagko-conlang na ako. (Ang conlang ay constructed language, po.)

Sanggol ako sa Ferry, Batangas, pero by my nursery school year, lumipat na kami sa isang apartment na may dalawang piso sa Del Monte Avenue sa Lungsod Quezon sa Maynila. May pet na pagong kami. Tinawag ang maid at ipinatapon ng ina ko sa ilog dahil bad luck daw iyon. May mga katulong kami, babae at lalaki. Malandi yung lalaki.

Sa paligid ng apartment, may restawran na Barrio Fiesta na may neon sign sa hugis ng palayok. May gasolinahan ng Esso. May mabibilhan ng mga usong bean bags. May mga damo sa labas na may bungang parang

berdeng parol sa hugis ng *pumpkin*. Hangin ang loob, kagaya ng *balloon*. Parang *creeping vine* siya. Pinuputok ko ang mga *balloon*.

Nag-aral ako sa La Salle Green Hills, isang *private school* sa Mandaluyong sa Metro Manila at Katoliko sila. 1970's na. Doon, ipinag-aral kaming mga estudyante ng rosaryo at pagdasal. Ilang beses lamang ako nag-confession, pero malimit akong nag-participate sa Holy Communion. Akala ko yung *flat disk* na tinapay ay buko noong maliit pa ako. Nagmunimuni ako ng mga puting *glow-in-the-dark* na kabuti na patag na bilog ang ulo katulad ng tinapay sa Communion. Over-active ang mga guni-guni ko noon. Ang imahinasyon ko ay nag-alab sa mga libro ni Dr. Seuss at ni Tintin.

Sa La Salle Green Hills, may parang flying saucer na malaking gym, yung St. Benilde Gym. Uso pa noong 1970's ang ufology. Talagang na-influence ako ng mga libro ng tatay ko. May libro siya ni Tuesday Lobsang Rampa at ni Erich von Däniken, tungkol sa mga paranormal at ufology. Iyon ang interest niya noon.

Noon, napuna ko ang mga estatwa ni Maitreya Buddha, yung Buda ng Kinabukasan. Kalbo siya at mataba at may kasamang maraming maliliit na bata. Nakangiti. Kung minsan, kahoy ang estatwa, o kaya ceramic. Sa Pilipinas, ginagamit siyang good luck charm sa bahay o sa mga restawran. Kaya na-influence ako ng Budismo noong maliit pa ako. Sa katotohanan, Animismo at Budismo ang relihiyon ko noong bata pa ako. Mahal ko ang Nature. Ang isip ko nang matagal na ay

ang Diyos ay hindi parang tao.

Ang bagong bahay namin ay sa kalayuan ng Don José Heights sa Lungsod Quezon ng Maynila. Pula at malawak ang kampo sa aming pook. Ang guni-guni namin at ng mga pinsan ko ay nasa planetang Mars kami. Matalahib. Parang malayo kami. Mahal ko ang Kalikasan nang bata pa ako. Sa gabi, may mga paniki sa langit. Binabato namin, pero parating miss. At may maraming alitaptap. Parang malaki ang buwan.

Kung minsan, naghahanap kami ng mga *tektite* o *meteorite* sa lupa nang arawan dahil sa gabi, kalimitang kita namin na may lumalagpak na *meteor* galing sa langit. Ako, ang kapatid ko, at mga pinsan ko ay interesado sa astronomiya.

Sa bakasyon, parati kaming bumibisita sa Ibaan sa Batangas. Gubat at bukid doon. Nagbibilad doon ng kamyas sa banig. May mga punong kakaw at mangga. May kalesa pa sa kalye. Ang mga pinsan ko, mga tiya at tiyo ko, at mga lolo at lola ko ay nasa Ibaan. Sa kalagitnaan ng Ibaan ay isang lumang Kastilang simbahan, Katoliko, kagaya sa mga lungsod at nayon sa Meksiko.

Lumipat sa Lulu Island sa Kanada ang pamilya ko noong ika-16 ng Hunyo ng 1976. Pareho pa ang relihiyon ko. Kahit na ang pamilya ko ay Katoliko at pumupunta kami sa Katolikong simbahan, hindi ako parang Kristiyano.

Sa unang paaralan ko, sa McKinney School, maraming nature studies kami. Nagpunta kami sa Richmond Nature Park at nakita ko

ang mga owl pellets, Labrador Tea leaves, at iba pa. Para kaming naging Native Indian. Pinag-aralan namin ang istorya ng Quebec, noong parang naging Native Indian ang mga Pranses sa Hilagang Amerika.

Si Mrs. McNulty na puti ang titser ko sa Grade 5 sa McKinney. Ang kalahati ng classroom namin ay ibang klase na Grade 6 ni guwapong Mister Kliman, maputing taong maitim ang buhok. Sa klase niya, mayroong isang estudyanteng parang sira-ulo na magaling magpiyano para sa amin. Danny yata iyon. Iba siya sa Danny na kaklase ko, si Danny Kube, na Austrian ang pamilya. World War I buff si Danny. Parati niyang pinag-uusapan. Mas marami raw namatay na tao sa Unang Digmaang Pandaigdig kaysa sa Ikalawa. Hindi ako naniwala sa kanya. Si Stanley Chu naman ang ibang kaklase ko na interesado sa mga arte at mga duwende at

pantasiya. Katulad ko siya. *The Secret World of Og* (1961) ni Pierre Burton ang pinili niya para sa book report group. Sumama raw ako sa kanya, pero yung pinili ko ay *The Lion, the Witch and the Wardrobe* (1950) ni C.S. Lewis. Parang naghinanakit siya sa akin. Sorry na lamang.

Isang araw, talagang mahangin sa McKinney School. Maraming bata, kasama ako, ay nagpapalipad ng saranggola. Ang langit ay punong-puno ng saranggola. Bughaw ang langit at may araw.

Sa paligid namin, maraming tipaklong na iba-ibang klase sa damo. At saka, maraming mga slug na iba-ibang kulay. May kulay kape, kulay dalandan, at dilaw. Mukhang malagkit sila. Nakakatuwa ang wildlife. Kung tutuusin, parang naging pagtutuloy ng Don José Heights sa Pilipinas ang naging

buhay ko sa Lulu Island sa Kanada. Meron pang impromptu bike racetrack kami sa ibang pook. May mga wild red poppies na lumalaki sa mga maputik na burul-burolan. Ang guni-guni ko ay parang nasa Star Wars ako. Parang baka may biglang lumabas na Jawa sa burol.

Lumipat na ako ng paaralan. Sa Errington School naman, Protestante ang Bible reading sa simula ng klase. Hindi ako interesadong mag-participate na magbasa ng Bibliya sa harap ng klase. Tinanong ako ng isang kaklase kong si Kim na puti na kung bakit hindi ako nagpa-participate. Sabi ko, dahil Katoliko ako, pero hindi talaga iyon ang dahilan.

Sa Errington, pinag-aralan namin ang buhay at kalikasan ng mga dandelion at ang

guro namin para sa *subject* na iyon ay *East Indian*, si Mister Nehra. Noon, hindi ko pa kilala ang India at ang katauhan doon. Hindi ko alam ang parang rasa niya.

Sa Errington, marami akong nagawang *sculpture*. Mukhang hindi Kristiyano ang mga gamit ko. Pinag-aralan namin ang *Ancient Egypt* at gumawa ako ng diorama na may kasamang damong bangka at estatwa.

Pinag-aralan namin ang *Ancient Greece* at nag-party pa kami nang naka-toga ang lahat at may *name badge* pa sa Griyegong letra.

Sa Errington, si Mister Bisnar na Pilipino ang titser ko sa *Grade 6* at Mrs. Burford na puti sa *Grade 7*.

Marami akong nabasang *sci-fi* at *fantasy* na libro sa aklatan sa Errington. Mga *vintage* pa naman. Sa *fantasy*, ang paborito ko ay mga libro ni Tove Jansson, isang Swedish Finn, na nagsulat tungkol sa mga Moomintroll. Sa *sci-fi*, mas natatandaan ko yung isang librong tungkol sa mga higanteng pulang alimango sa isang desyertong planeta na may mga kolonista. Talagang *vintage* iyon. Baka 1950's pa. (Hanggang tumanda ako, basa nang basa pa rin ako ng *sci-fi* at *fantasy*. Walang tigil.)

Naging *high school* na. Parang naging desperado ang pamilya ko. Nawalan ng trabaho ang tatay ko. Nahirapan. Naging ibang tao siya. Hindi na siya yung interesado sa *paranormal* at *ufology*. Talagang na-*influence* siya ng Tito Lex ko na Protestanteng *Baptist*. *Soon enough*, nag-*convert* ang mga pamilya ko, pero hindi ako

at ang mga kapatid ko.

Pinapunta ako sa mga Bible study ng mga Pilipino sa Grace International Baptist Church. Mga youth group iyon. Para akong dayuhan sa kalagitnaan nila. Na-sense ng iba na talagang hindi ako naniniwala. At nakasalamin ako.

Nagpunta kami ng youth group sa Mt. Baker sa Washington State. Nasa ski chalet kaming lahat sa bundok na may yelo. Tapos, nagmiting kami sa loob. Si Pastor Catanus ang lider namin. Pilipino siya. Nag-istorya siya tungkol sa noong nasa kalagitnaan siya ng mga Hapon na estudyante. Sabi ng Hapon sa kanya, hindi itong relihiyon ay para sa kanya. Parang nagdududa sila. Tapos, desperado ang mga deacon sa Mt Baker. Yung raising of the hand ay naging ritwal nila.

Sabi ng Tito Lex, nag-raise daw ako. Tinawagan ang mga kamag-anak ko. Pero, parang may itatanong lamang ako. Desperado sila.

Sa Mt. Baker, among the youth group, ako lamang ang gustong lumabas at maglaro sa snow. Ayaw nila. They don't love Nature; therefore, they don't love God. Hindi ako naging Kristiyano.

Sa simbahan sa Vancouver, may pumalit na pastor na si Pastor Pantoja. Pilipino rin. Parati akong nasa balkon ng simbahan dahil kaunti lamang ang tao roon. Parang hindi ako nakikinig sa sermon. Later, natagpo ko siya sa erport at parang naging interesado siya sa Daoism at Oriental religion.

Tapos, nasa unibersidad na ako nang 1984 hanggang 1989. Para akong nasa New England o Europa. May mga antigong building sa Chemistry, Math Library, Theological College, at iba pa. The whole thing was magical. UBC ang paaralan ko. Para akong si Harry Potter... Puro mahiya, pero agham ang aral ko sa klase. Ang Main Library ang parang kulay gris na kastilyo. Limang taon ako roon.

Sa ilalim ng Old Auditorium sa UBC ay may Chinese restaurant na ang tawag ay Yum Yum's. Lumang building nang 1925 iyon. Doon kami nagtagpo ng Esperanto Club namin. Matagal ko nang gustong pag-aralan ang Esperanto, pero sa high school at UBC, naging casual glance lamang ako sa Esperanto, wikang inimbento noong 1887 sa Europa. Sa akin may *spiritual dimension* ang pag-aaral ng mga wika. Kumuha ako ng

basic course ng Hapon at Kastila sa UBC. Pero nga, agham ang tunay na pinag-aralan ko, yung Chemical Engineering at Sibernetika.

Ang kalimitang pagkain ko sa UBC noon ay curried beef bun, barbecue pork bun, cinnamon bun, at tsa. Simple ang buhay.

Ang unang job ko pagkatapos ng UBC ay sa Gastown, sa Vancouver. Para ring Europa. May parang brick ang kalsada. At may mga lumang lamppost. Software writer ako. Binibisita ko ang mga antique shop at secondhand books.

Tapos, nag-transfer ako sa Tokyo para sa job ko. Naroon ako noong 1992 hanggang 1994. Pinakababalaghang bayan ang Hapon. Doon, parang panaginip. Bumisita ako sa

mga templo-templo ng Shinto at Budismo. Nagandahan ako. Iyon lamang ang tinuturo ng mga Hapon sa akin, yung kultura at wika nila. Alam nilang parang Hapon ako. Baka may lahi man. Naging *special guest* ako. Ang *introductory lunch* ko ay sa *French restaurant*. Alam nilang bakasyon lamang.

Ang unang mga pinatirhan ako ay sa Tokyo Hilton sa Shinjuku nang maraming beses, at sa Washington Hotel nang isang beses. Itong huli ay talagang *Japanese-style* na otel dahil magsarili ang bisitang magbuhat ng maleta papunta sa kuwarto. Sa Tokyo Hilton, masarap talaga ang *buffet*. Walang *tipping* sa Hapon dahil parang nakakahiya sa tao.

Tapos, noong 1993, lumipat ako sa *Leaf Court* sa Hatagaya sa Tokyo rin. Maganda ang pook dahil may mga kulay-kulay na

parol na nakabitin sa mga daan. Apartment naman. Malinis. Medyo nag-ingay ako sa stereo at may nagreklamo sa kompanya ko na Microsoft. Naliliitan sila sa kuwarto roon at pinalipat ako sa mas malaki...

Room 101, Residence Hayashi
4-36-17 Yoyogi, Shibuya-ku
Tōkyō 151, Japan

Parati ang Hapon may *bath tub* dahil hindi lamang sila nagdudutsa pagka nagliligo sila.

Palibut-libot ako ng Tokyo sa mga tren nila.
Para akong daga sa labyrinth o maze.
Naging parang Disneyland para sa akin.
Natutuwa ako. Kung minsan, mas maganda sa gabi. Maraming mga templo-templo.

Isang araw, nasa estasyon ng tren ako. May Haponesang inakit akong sumama sa kanya.

Tapos, nasa templo na kami.  Parang kulto. Nagpalit ako ng damit sa loob ng isang kuwarto.  Suot ko na'y balabal.  Sa labas ng templo, nilubog ako sa tubig para mabinyag ako.  Pagkatapos ng rito, nagpalit uli ako ng dating damit.  Kinausap ako, kasama ang Haponesa, ng isang Hapon sa loob ng sambahan.  Sabi nila na isang beses lamang sa buhay ng tao ang pagbibinyag.  Tapos, pinakain ako ng Haponesa ng mainit na ramen sa isang malapit na restawran.  Tapos, nag-adyos na kami.

Dalawang beses ako bininyag:  noong bata pa sa Katoliko sa Pilipinas at doon sa Tokyo. Parang kulto iyon.

Ayon sa aklat ni Ann Llewellyn Evans na *Shinto Norito*, tungkol sa pagdarasal sa relihiyon na Animistang Shinto, ang misogi ay ritwal ng pagbabanlaw ng katawan ng

tao.

Naranasan ko na rin ang mga tawag kong Small Town Japan sa labas ng Tokyo. Maganda. Mas matahimik.

(Ang naiisip ko ngayon ay may parang alien sa Hapon na kinakausap ako, at ngayon man. Para sila o siyang *Higher Consciousness Being*. Hindi sila o siyang parang tao. Hindi Taga-Tiyera. Dahil nito, alam kong importante ang Hapon sa buhay ko. Epekto raw ng alak iyon ang isip ng iba dahil uminom ako ng *sake* at serbesa sa Hapon. Karaniwang hindi talaga ako nainom ng alak.)

Pabalik sa istorya. Bumalik ako sa Hilagang Amerika. Ang bagsak ko ay Redmond, Washington. Napuna kong masyadong secular ang Amerikano, parang wala sila

roong spirituality. Mga robot sila.

Kahit na, nag-meditate ako sa mga dock sa Lake Sammamish. Lakeside kasi ang apartment ko. Namasyal ako sa mga small town sa silangan at kanluran ng Washington State. Tumigil ako sa Long Beach sa Western Washington. Mag-isa ako, pero hindi ako nalulungkot talagang mag-isa. Nakakatakot ang mga marshy forests on the way. Sa Eastern Washington naman, may maliit na nayon na may antique store at bumili ako roon ng antique brass bugle horn. Parang Wild, Wild West pa ang maraming lugar sa Washington.

Parang nagkasakit ako. Tinawagan ko ang pulis dahil may naririnig akong mga boses na walang mukha. Tapos, dumating ang kamag-anak ko at umalis na kami pabalik

sa Kanada.

Na-ospital ako noong 1995 sa Lulu Island. Binigyan ako ng brain scan. Malaki raw ang utak ko sabi ng doktor. Mas napuna ko na ang buhay sa Hilagang Amerika ay mas parang robotic.

Noong 1996 hanggang 2006, nasa Vancouver na ako, kasama ang kapatid ko at pamilya niya. Lakewood Manor ang tawag namin sa bahay namin dahil 1927 o 1928 ginawa ang bahay namin. Maganda ang pook namin. Parang Europa at maraming restawran na iba-ibang etniko. May restawran na On-Lok na parang nasa Tsina talaga kami. Nagsasamba at nagninilay ako regularly sa Yanviriya Buddhist Temple. Mga Thai ang katauhan doon. Parang nagtagal ako sa Thailand. Magandang

hardwood floor ang malawak na kalooban ng templo.

Noong 2007, bumalik na ako sa Lulu Island. Pareho sa Vancouver at Lulu Island, natagpo ko ang ilang Jehovah's Witness sa bahay ko dahil gusto kong malaman ang *point of view* nila. Very interesting nga, pero talagang hindi bagay sa buhay ko. Pareho pa rin ang relihiyon ko noong bata pa ako, yung Animismo at Budismo.

May mga magandang lalaki na nakasuot ng *suit and tie* na Mormon na bumibisita sa akin. Binasa ang *Libro ng Mormon*. Naiintindihan ko ang relihiyon nila. Limitado ang intelihensiya ng tao. Ang relihiyon ay parang pantasiya. Importante sa kanila ang mag-*research* ng *family history* para ma-*realize* ang sitwasyon ng tao

sa pamilya.  Mga *polygamist* sila.

Anyway nga, ang Mormon, Baptist, at Jehovah's Witness ay Protestanteng mga Kristiyano.  Paunawaan natin na kung wala ang Imperio Romano, baka walang Kristiyano ngayon.  Sila, mga Romano, ang nag-*promote* ng Kakristyanuhan noong unang panahon.  Noong una, *radical Jewish sect* lamang iyon.  Tapos, talagang naging ibang relihiyon.

Ang mga kamag-anak ko ay pumupunta sa *Pentecostal* na simbahan.  Kung minsan, sumasali ako.  Parang saling pusa.  Ang *Pentecostal* ay Protestante rin.  Importante sa kanila ang *Xenoglossia* o *Speaking in Tongues*.  Halimbawa, bigla na lamang maalaman ng isang tao ang isang wika na hindi niya pinag-aralan.  Ganoon ang

Xenoglossia. Ganoon ang nangyari sa Tagalog. Walang makaliwanag kung bakit alam ng lahat ng tao sa mundo ang wikang Tagalog. Xenoglossia iyon.

Sa akin, ang mga salitang katulad ng angel ay woman's language. Anghel daw ako sabi ng ilan. Baka, alien ang ibig sabihin nila. Baka walang appropriate word para sa akin. Alam kong parang hindi ordinaryong tao ako.

I know that I'm not human...

Marami akong nabasang sci-fi at fantasy. Talagang namasyal ako sa iba-ibang pook ng guni-guning uniberso.

Ang isang istorya ay tungkol sa ibang

planeta. Doon, ang mga pandak ay superior sa mga matangkad. Ang wika nila ay parang Hapon dahil may mga simbolo para sa tunog o ingay, at may mga simbolo para sa mga kuru-kuro o ideya. Mga ponograma at logograma iyon.

Ang iba namang mga istorya ay tungkol sa *Ringworld* ni Larry Niven. Iyon ay higanteng mundo sa hugis ng lasong palibot ng isang bituin, araw. Ginawa iyon ng isang antigong sibilisasyon na parang tao. Sa uniberso ni Larry Niven, may mga alyenihenang mukhang tao at may ibang alyenihenang hindi mukhang tao. Ang mga *Kzinti* ay mukhang tigre na nakatindig sa dalawang paa katulad ng tao at ang taynga ang parang pakpak ng paniki. Hilaw na karne lamang ang kinakain nila. Ang mga *Puppeteers* ay parang ostrich na dalawa ang ulo at leeg. Sa bawat isang ulo, may isang

mata at may mga parang daliri sa labi ng bibig. Tatlo ang binti at paa nila. Karuwagan ang birtud nila.

Noong *high school* pa ako, ang imahinasyon ko ay ang dalampasigan at ang mga kampo sa paaralan sa Lulu Island ay mga pook sa *Ringworld*. Nagbibisikleta ako noon.

Siyempre, sa telebisyon, paborito ko ang mga teleseryeng *Star Trek* at mga parang ganoong klase...

Talagang na-*influence* ako ng maraming binasa ko. Parang libu-libong taon ang lumipas, o hindi lamang...

Para maintindihan ang buhay natin, dapat natin pag-aralan kung saan nanggaling ang

katauhan. Naging interesado ako sa antropolohiya.

Ang teoriya ng ilang antropologo ay ang Australoid subspecies ay nag-diverge galing sa orihinal na grupong Caucasoid-Mongoloid nang taong -73 000 hanggang -60 000. Maiitim ang balat nila, ng mga Australoid. Kahit na kalimitang itim ang buhok nila, may ilan sa kanila na parang mapula ang buhok. Kung talagang tutuusin, ang varyant ng Australoid sa India ay medyo magkaiba sa mga naroon sa Australia. Kung minsan, Proto-Australoid o Veddoid ang tawag sa mga nasa Asya. At sa recent history, nagmestiso sila nang kasama ang mga Caucasoid, yung mga Aryan. Mestiso ngayon ang India. Pagkatapos ng taong -4000 nagsimula ang mestisasyon, kasunod ng kung tawagin ay Aryan Invasion.

Ang sabi ng ibang researcher, na-colonize ng mga Australoid ang Australia nang simulang taong -70 000 o -50 000. Dumaan sila via India at South-East Asia, galing Africa. Ilang alon ang dumaan. Kaya, matagal na. Ang nangyari ay parang naiwanan ang mga Proto-Australoid o Veddoid sa India ng mga naging talagang Australoid sa Australia. (Ang Proto-Australoid ay Australoid din kung tutuusin.)

Sa South-East Asia at Pacific, nakabangka ang mga Australoid. At nang unang panahon, may mga land bridge na mararaanan nila.

Magkaiba ang Negroid ng Africa sa Australoid. Magkaiba ang skeleton at iba pa. Pero nga, pareho silang maitim ang balat.

Nag-diverge sa mga Negroid ang orihinal na grupong Caucasoid-Mongoloid nang taong -108 000. At nag-diverge din ang mga Mongoloid doon nang taong -39 000. Mga aproksimasyon lamang ang mga bilang at may mga taong kalagitnaan sa porma noong nag-diverge.

Ang Mongoloid subspecies ay may maraming varyant din. Ang mga Northern Mongoloid ay ang mga Intsik, Koreano, at iba pa. Ang mga Amerindian o kung tawag ng ilan ay Proto-Mongoloid ay kasama sa subspecies na ito. Nagsimula nang mga taong -38 000 hanggang -10 000 ang colonisasyon sa hilaga at timog ng mga Amerika. Galing Asya, tumawid sila sa Bering Land Bridge papuntang Amerika. Tapos, dahan-dahan silang naglakad hanggang sa Timog na Amerika. Ilang libong taon ang lumipas. Dahil may Ice Age, may Bering Land Bridge

na ngayon ay Bering Sea. Iba-iba ang itsura ng mga Amerindian, pero kalimitang hindi sila kasing singkit ng mga Northern Mongoloid. Iba naman ang mga Eskimo na tumawid galing Siberia papunta sa Arctic ng Amerika noong mga taong -8000. Mas parang Northern Mongoloid ang Eskimo, pero may kahalong parang Amerindian.

May teoriya ang ilang antropologo na ang mga Australoid ay nauna sa mga Amerika noong taong -52 000. Ang tawag ng mga teorista sa mga taong ito ay Pre-Siberian American Aborigines. Iyon ang teoriya, na naunahan ng mga Australoid ang mga Mongoloid sa Amerika. Naglakad sila galing sa South-East Asia. Tapos, umakyat sila sa East Asia at tumawid ng Bering Land Bridge hanggang mga Amerika. Ang tawag ay The Great Coastal Migration ng Proto-Australoid.

Mayroon pang ibang klaseng Mongoloid, yung Southern Mongoloid, na talagang mestisuhin ng Mongoloid at Australoid. Nagsimula nang taong -4000 sa pook ng Taiwan. Tapos, sinakop nila ang South-East Asia na puno ng maiitim na Australoid at naghalo sila. Tapos, kumalat sila sa Pacific at hanggang Madagascar, Island South-East Asia (ISEA), Hawaii, Tahiti, Samoa, New Zealand, at iba pa. Ang mga Polynesian ay Southern Mongoloid. Sa Madagascar, isla na katabi ng East Africa, natagpo nila ang mga Negroid na naroon na at naghalo sila. Ang mga Melanesian at Papuan sa Pacific ay mga iba-ibang klaseng Australoid. Nakakapagtaka rin na may mga parang Negroid na kasama sa kanila. Parang kulang ang research dito.

Ang katauhan ng mga Hapon ay komplikado. Myth lamang na sila ay homogeneous o homogenous na lipunan. Ang katotohanan ay mga parang mestisuhin sila ng Northern Mongoloid, Amerindian, Southern Mongoloid, at Caucasoid. Dahil nito, iba ang itsura nila sa Intsik. Sa halo-halo, naging ibang rasa sila. Ang mga unang katauhan sa Hapon ay kasama ang Ainu, na maiitim ang buhok, mabalahibo, at balbasin. Ito yata ay isa sa mga tribu na naglibot sa Siberia. Baka mga mestiso na sila noong unang panahon man.

May naniniwala na ang mga Amerindian at Eskimo, bagamat sila'y karamihang Mongoloid, ay may kaunting lahing Caucasoid o Australoid na bago pa dumating si Christopher Columbus.

Dalawa naman ang klase ng Caucasoid subspecies, yung Mediterranean at Nordic. Ang mga Mediterranean ay maiitim ang buhok, malimit ay blue black, kung minsan ay red black, at kung minsan ay talagang dark brown. Iba-iba rin ang kulay ng mata. Ang mga Nordic naman ay blond, o brown, o red ang buhok. Iba-iba ang kulay ng mata. Mas maputla ang kulay ng balat ng mga Nordic kaysa sa mga Mediterranean. May genetic mutation nang taong -9000, noong pinakahuling Ice Age, na nagresulta sa blond na buhok.

Ang dakilang wikang tribong Caucasoid ng Indo-European ay, sabi ng isang teoriya, nagsimula sa Southern Russia, malapit sa Black Sea, noong taong -4000. Nakakabayo sila at kumalat sila sa Europa at India. Sa India, sinakop nila ang mga Proto-Australoid. Ang wikang PIE o Proto-Indo-

European ay wikang ama ng mga karamihan ng mga wika ngayon sa Europa at Hilaga ng India. Kasama na ang mga Aleman, Latino, Griyego, Slabiko, Keltiko, at iba pa. Ibang pamilya ito kaysa sa mga Uralic ng Finnish at Hungarian. Language isolate na malaon ng huling Ice Age naman ang Basque o Euskara sa Espanya, na sinakop ng mga Indo-European.

Lahat ng mga human subspecies, yung Caucasoid, Mongoloid, Negroid, at Australoid ay nanggaling sa malayong Africa, nang taong -200 000, sa anumang original human form, yung Homo sapiens. May kapatid ang species na ito na ang tawag ay Homo neanderthalensis. May interbreeding na baka nangyari noong -80 000 hanggang -50 000 sa Middle East. Walang natira sa kanilang puro, ngayon. Ang genus nating Homo ay may maraming species at 2.3

milyong taon na.  Ang Homo sapiens ay isa lamang sa mga species ng genus Homo.

Alam ng dalub-agham na ang mga human subspecies na Caucasoid, Mongoloid, Negroid, at Australoid ay magkasama sa isang species, yung Homo sapiens.  Ang isang dahilan ay pareho ang chromosome count nila:  46.

Mahaba ang istorya ng tao.  Pero, ito ay summary lamang.

(Ang mga tinandang taon na menos ay ukol sa Common Era na bilang.)

May mga taong hindi naniniwala sa ebolusyon ng tao.  Isip nila'y may ilang espesye ng genus Homo na parang hindi magkarugtong.  Ayon kay Tuesday Lobsang

Rampa, tinanim ang tao nang parang hardin. May mga kung tawagin ay mga Hardinero. Ang Tiyera'y isa sa kanilang mga hardin. Kung minsan, nag-aalis din sila ng damo.

Ang hayop o halaman ay parang makina. Hayop talaga ang tao. Kung makina man, para ba silang bumbilya? Saan papunta ang diwa? Basta ba nawawala na siya sa kamatayan? May lugar bang napupuntahan? Wala bang diwa? Puro utak lamang ang pag-iisip. Ganoon ba? Kung may diwa man, ilan sila sa bawat tao? Wala talaga tayong alam. Talagang misteryoso.